Republic of the Philippines
PHILIPPINE HEALTH INSURANCE CORPORATION
Citystate Centre, 709 Shaw Boulevard, Pasig City
(02) 8662-2588 www.philhealth.gov.ph
PhilHealthOfficial teamphilhealth

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS ON PHILHEALTH YAKAP
(As of July 31, 2025)

Questions	Response
Ano ang PhilHealth YAKAP?	Ang PhilHealth YAKAP ay ang programa ng gobyerno na naglalayong alagaan ang mga Pilipino para maging malayo sa sakit. Sa pamamagitan ng programang ito, babantayan ng mga YAKAP clinics ang kalusugan ng miyembro upang mapanatili ang mabuting kalusugan, maagang matuklasan ang karamdaman, at mabigyan ng nararapat na gamot upang hindi na lumala at humantong sa pagpapa-ospital.
Ano ang pinagkaiba nito sa PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth YAKAP ay ang mas pinalawak at pinagbuting Konsulta. Layon ni Pangulong Bongbong Marcos, Jr. sa pamamagitan ng PhilHealth na maibigay sa miyembro ang kumpletong pangangalagang pangkalusugan.
Para kanino ang PhilHealth YAKAP?	Ang PhilHealth YAKAP ay para sa bawat Pilipino. Kailangan lamang na magparehistro sa mapipiling YAKAP Clinic upang magamit ang mga libreng benepisyo at serbisyo.

Bakit kailangan ng bawat Pilipino ng PhilHealth YAKAP?	Walang katumbas na kayamanan ang pagiging malusog. Tapos na ang mga araw na binabalewala mo ang nararamdamam mo sa iyong katawan at pagpapaliban sa mga kinakailangang laboratoryo, at makainom ng nararapat na gamot. Kailangan mo at ng pamilya mo ang PhilHealth YAKAP para mailayo kayo sa sakit. Hangad ng gobyerno na alagaan mo ang iyong sarili at huwag na itong ipagpaliban dahil sa pangamba sa gastos.
Ano-ano ang benepisyo ng PhilHealth YAKAP?	Sakop ng PhilHealth YAKAP ang mga sumusunod: • Libreng check-up sa YAKAP Clinic • Laboratoryo mula sa YAKAP Clinic (tingnan ang Annex A para sa listahan)* • Cancer screening tests (tingnan ang Annex B para sa listahan)* • Libreng gamot na maaaring makuha sa accredited na botika (tingnan ang Annex C para sa listahan)* *Batay sa kailangan ng pasyente at rekomendasyon ng doktor. **MAHALAGA:** **Hintayin ang aming anunsiyo sa listahan ng participating pharmacies at health facilities kung saan maaaring ma-avail ang libreng gamot at cancer screening tests.**

Saan maaaring makuha ang PhilHealth YAKAP?	Ang mga PhilHealth-accredited YAKAP Clinic ang siyang magbibigay ng serbisyo sa miyembro. Maaari kang mamili ng YAKAP Clinic kung saan ka magpaparehistro. Kailangan mo rin iparehistro ang iyong dependents, maaaring sa kaparehong YAKAP Clinic o sa ibang YAKAP Clinic kung saan sila mas malapit upang makatanggap din ng mga benepisyong ito. Tingnan sa eGovPH app o sa website ng PhilHealth ang listahan ng accredited na YAKAP Clinic. Maaari ding magsadya sa malapit na PhilHealth office o sa mga sumusunod na touchpoints: • Tumawag sa (02) 866-225-88 (bukas 24/7) • Tumawag o mag-text sa mga sumusunod: Smart: 0998-857-2957; 0968-865-4670 Globe: 0917-127-5987; 0917-110-9812 (bukas 24 oras) • Mag-email sa actioncenter@philhealth.gov.ph • Tumawag gamit ang click to call sa PhilHealth website https://www.philhealth.gov.ph/
Kailan maaaring magamit ang PhilHealth YAKAP?	Kung mayroon ka nang PhilHealth Identification Number o PIN, maaari nang magparehistro sa mapipiling YAKAP Clinic. Maaaring magparehistro sa PhilHealth YAKAP sa pamamagitan ng mga sumusunod: • eGovPH • PhilHealth Member Portal (https://memberinquiry.philhealth.gov.ph/member/) • PhilHealth offices sa buong bansa • YAKAP Clinic Kung rehistrado na, maaari nang pumunta sa YAKAP Clinic para sa unang konsultasyon o first-patient encounter.

Paano magagamit ang PhilHealth YAKAP?	Matapos ang unang konsultasyon at assessment ng doktor, maaari siyang magrekomenda ng mga kinakailangang laboratoryo base sa kundisyon ng pasyente. Ang mga laboratoryo at test ay makukuha rin sa YAKAP Clinic o maaaring ituro sa ka-partner nilang diagnostic o laboratory clinic. Kasama ito sa serbisyo ng PhilHealth YAKAP. Maaari ring magreseta ng gamot ang doktor ayon sa pangangailangan ng pasyente. Ang mga gamot ay makukuha sa mga accredited na botika o GAMOT facility hanggang sa maabot ang limit na P20,000 halaga ng gamot sa loob ng isang taon. Maaari ring magbigay ng referral ang doktor para sa cancer screening test kung may indikasyon ang pasyente para dito. Tandaan na tanging doktor sa YAKAP Clinic kung saan ka nakarehistro ang maaaring magbigay ng reseta at rekomendasyon depende sa pangangailangan ng pasyente. Ang referral at reseta ay kinakailangan upang makakuha ng mga laboratoryo, screening test at gamut na kailangan. **MAHALAGA:** **Hintayin ang aming anunsiyo sa listahan ng participating pharmacies at health facilities kung saan maaaring ma-avail ang libreng gamot at cancer screening tests.**

May limitasyon ba ang paggamit ng PhilHealth YAKAP at mayroon bang babayaran?	Matapos ang konsultasyon at resulta ng mga laboratoryo, maaari kang pabalikin ng iyong doktor para sa mga follow-up check-up. Depende sa kanyang assessment kung ilang beses ka niyang pababalikin para sa monitoring at kinakailangang reseta. Libreng makukuha ang mga benepisyo at serbisyo sa mga accredited YAKAP Clinic. Maaari namang maningil ng hanggang P900 kada pasyente para sa isang buong taon kung naka-register sa isang pribadong YAKAP Clinic.
Ano-anong screening test ang sakop ng PhilHealth YAKAP?	Upang maagapan ang sakit, sakop na rin ng PhilHealth YAKAP ang mga sumusunod na cancer screening tests na isasagawa sa kahit saang accredited na cancer-screening facility: ● Mammogram ● Breast ultrasound ● Low-dose chest CT scan ● Alpha fetoprotein ● Liver ultrasound ● Colonoscopy Ang mga ito ay maaaring makuha sa mga accredited na health facilities ayon sa referral ng inyong doktor mula sa YAKAP Clinic.

Mayroon pa bang babayaran para sa mga nabanggit na cancer screening test?	Wala na. Matapos mabigyan ng referral ng doktor mula sa YAKAP Clinic, maaari nang magtungo sa accredited na cancer screening facility. Hindi na dapat maningil pa ang pasilidad para sa pagsasagawa ng test. Kasama na sa paketeng ibabayad ng PhilHealth sa pasilidad ang ginamit na supplies, drugs, equipment, gayundin ang lahat ng indirect costs tulad ng kuryente, bayad sa empleyado at iba, kasama na rin ang bayad sa reader's o professional fee.
Sino-sino ang maaaring makakuha ng cancer screening test?	Lahat ng benepisyaryo na may indikasyon o pangangailangan na bibigyan ng referral ng doktor mula sa YAKAP Clinic ay maaaring makakuha ng cancer screening test.
Maaari bang dumiretso na sa accredited health facility para kumuha ng cancer screening test?	Hindi. Kinakailangan ang referral mula sa doktor sa YAKAP Clinic bago makakuha ng alinman sa cancer screening test na sakop ng PhilHealth YAKAP.
Maaari bang makagamit ng benepisyo ang miyembro kung ang request para sa cancer screening ay nakuha mula sa private na doktor at hindi sa doktor sa YAKAP Clinic?	Para sa mga miyembro o benepisyaryong unang beses pa lamang gagamit ng benepisyo para sa cancer screening, maaaring gamitin ang referral na nakuha mula sa private doctor. Ngunit matapos makuha ang resulta, kailangan na siyang i-refer sa YAKAP Clinic.
Paano makukuha ang mga libreng gamot?	Matapos marehistro sa YAKAP Clinic, maaari nang bumisita sa YAKAP Clinic para sa unang konsultasyon o ang unang pagpapakonsulta at check-up sa doctor upang malaman ang kondisyon ng kalusugan ng miyembro kasama na ang kanyang mga dependents. Depende sa kondisyon ay libreng mabibigyan ng kinakailangang gamot. Tanging ang mga doktor sa isang YAKAP Clinic ang makakapag-reseta ng gamot para sa pasyente.

Ano-anong mga gamot ang libreng makukuha ng benepisyaryo?	Mayroong listahan o GAMOT List na isasapubliko na naglalaman ng 75 molecules ang siyang libreng makukuha ng mga benepisyaryo.
Ang mga gamot ba na ginamit habang naka-confine ang pasyente o sa outpatient emergency care ay kasama dito?	Hindi. Tanging mga gamot na nireseta ng doktor sa YAKAP Clinic ayon sa pangangailangan ng benepisyaryo ang kasama dito.
Ang mga branded bang gamot na ni-request ng pasyente o yung mga wala sa GAMOT List ay kasama sa libreng makukuha?	Mayroong itinakdang presyo ang PhilHealth at mga botika sa bawat gamot. Kung lalagpas ang presyo ng branded na gamot sa itinakdang presyo, hindi ito magiging sakop maliban na lamang kung ibibigay ito ng botika sa napagkasunduang halaga.
Ano ang kailangang ipresenta sa YAKAP Pharmacy para makakuha ng gamot ang benepisyaryo?	Matapos ang konsultastyon sa doktor, magrereseta ito sa pamamagitan ng GAMOT App. Ito ang magiging basehan ng accredited na pharmacy para sa pagbibigay ng gamot. **MAHALAGA:** **Hintayin ang aming anunsiyo sa listahan ng participating pharmacies kung saan maaaring ma-avail ang libreng gamot.**
Lahat ba ay kwalipikadong makakuha ng gamot?	Opo kung ito ay kailangan ng pasyente at nireseta ng inyong doktor ng YAKAP Clinic.
Lahat ba ng gamot ay libreng makukuha ng benepisyaryo o may limit lang?	Mayroong hanggang Php 20,000 na limit kada taon ang bawat benepisyaryong niresetahan ng kanilang doktor sa Yakap Clinic. Kapag nasagad na ang limit na Php 20,000 ay doon na lamang magkakaroon ng babayaran ang miyembro.
Ano ang proseso kapag may pumuntang benepisyaryo sa botika para kumuha ng gamot?	Kapag nabigyan na ng reseta ang miyembro gamit ang GAMOT App, kailangan ipakita ang reseta o sabihin ang UPSC code sa botika upang ma-validate ito ng pharmacist kasama ang kahit anong government-issued ID ng miyembro.

Mayroon bang partikular na botika kung saan lang pwedeng kumuha ng gamot ng benepisyaryo?	Sa mga accredited GAMOT pharmacies lamang maaaring kumuha ng gamot. **MAHALAGA:** **Hintayin ang aming anunsiyo sa listahan ng participating pharmacies kung saan maaaring ma-avail ang libreng gamot.**
Pwede bang magpalipat-lipat ng botika ang benepisyaryo para kumuha ng gamot?	Opo basta ang sila ay accredited Yakap Pharmacy ng PhilHealth, at hindi pa nauubos ang Php 20,000 limit ng miyembro.
Paano malalaman kung lampas na sa limit na P20,000 ang nakukuhang gamot ng miyembro?	Ipaaalam ng pharmacist sa miyembro kung ito ay lampas na ng Php20,000. Makikita rin ang balanse ng bawat miyembro sa tuwing ito ay kukuha ng gamot sa botika. Ito ay nasa GAMOT Availment Slip na siyang ibibigay pagkatapos makuha ang gamot.
Ano ang mangyayari kung lampas na sa limit ang nakukuhang gamot ng benepisyaryo?	Ang mga gamot na kukunin ay babayaran na ng miyembro.
Magkasama ba sa limit na P20,000 ang miyembro at mga qualified dependents niya?	Hindi po. Bawat miyembro ay may nakatakdang Php20,000 limit kada taon. May hiwalay din na Php 20,000 limit ang bawat dependent niya.
Mayroon bang kailangang papirmahan o ibigay na dokumento sa miyembro sa pagkuha ng gamot?	Ang mga miyembro ay bibigyan ng GAMOT Availment Slip na pipirmahan niya pagkatanggap ng mga gamot. Ibibigay ito sa kaniya ng pharmacist.
Kung hindi available ang lahat ng nakareseta sa botikang pinuntahan, pwede bang ibigay lang kung ano ang available at ang hindi ay sa ibang botika kukunin ng benepisyaryo?	Opo basta ang pupuntahang ibang botika ay accredited na GAMOT facility.

Maaari bang i-refer na lang sa ibang botika ang benepisyaryo kung hindi maibibigay nang kumpleto ang nakaresetang gamot?	Maaaring hindi kumpleto ang ibigay sa mga benepisyaryo.
Maaari bang representative lang ang kumuha ng gamot para sa miyembro? Ano ang kailangan nilang ipresenta sa botika?	Opo. Magdala lamang ng: 1. authorization letter, 2. valid ID ng pasyente o miyembro at, 3. valid ID ng representative.
Paano malalaman ng miyembro na accredited ang pharmacy o isa itong GAMOT facility? Mayroon bang palatandaan o signage?	Ang mga accredited na pharmacy o GAMOT facility ay mayroong signage sa labas ng botika.
Maaari bang dumiretso sa botika o GAMOT facility para kumuha ng libreng gamot?	Hindi. Kinakailangan muna ng reseta ng doktor mula sa YAKAP Clinic kung saan kayo nakarehistro para makakuha ng libreng gamot sa mga accredited na botika o pharmacy.
Maaari na bang kunin ng benepisyaryo ang maintenance drugs sa botika o GAMOT facility para sa loob ng isang taon?	Ang doktor sa YAKAP Clinic ay maaaring magreseta ng maintenance drugs nang hanggang sa tatlong buwan ngunit ang maaaring ibigay ng botika sa kada pagpunta ay para sa isang buwan. Mananatili namang valid ang ibinigay na reseta ng YAKAP Clinic at maaaring bumalik sa botika kapag paubos na ang ibinigay na gamot. Tandaan na mahalaga ang follow-up check-up sa YAKAP Clinic upang matiyak na nasa maayos na kundisyon ang pasyente habang iniinom ang gamot.
Paano kung walang kinakailangang laboratoryo ang napuntahan kong YAKAP Clinic?	Ituturo ng YAKAP Clinic kung saang partner laboratory mo kukunin ang mga libreng laboratoryo na nireseta/nirekomenda ng duktor.
Saan maaaring magtanong tungkol sa PhilHealth YAKAP?	• Tumawag sa (02) 866-225-88 (bukas 24/7) • Tumawag o mag-text sa mga sumusunod: Smart: 0998-857-2957; 0968-865-4670 Globe: 0917-127-5987; 0917-110-9812 (bukas 24 oras) • Mag-email sa actioncenter@philhealth.gov.ph

	• Tumawag gamit ang click to call sa PhilHealth website https://www.philhealth.gov.ph/ • Dumalaw sa kahit saang tanggapan ng PhilHealth • Pumunta sa YAKAP booth na itatalaga ng PhilHealth sa iba't-ibang lugar sa bansa